


**MGA  
KATURUAN  
NG BIBLIA**



**(Pinadaling Katesismo)**



**MGA  
KATURUAN  
NG BIBLIA**

**(Pinadaling Katesismo)**



**Multi-Language  
Productions**

Bringing the Word to the World

Prepared by the Special Education Committee of the WELS  
Committee on Special Ministries.

The Simplified Catechism © 1987 Northwestern Publishing House,  
Waukesha, Wisconsin.

Translated by WELS Multi-Language Productions with the  
permission of NPH.

Copyright © 2020 WELS-BWM

Published in 2020

# Talaan ng Nilalaman

Panimula .....	1
Ang Sampung Utos .....	2
Ang Kredo ng mga Apostol .....	12
Ang Unang Pangkat .....	13
Ang Ikalawang Pangkat .....	18
Ang Ikatlong Pangkat.....	23
Ang Panalanging Itinuro ng Panginoon (Ama Namin).....	28
Ang mga Sakramento .....	38
Bautismo .....	39
Ang Hapunan ng Panginoon.....	40
Pagpapahayag ng Kasalanan (Pangungumpisal) .....	41



1. Ano ang Biblia?  
Ang Biblia ay Salita ng Diyos.
2. Sino ang sumulat ng Biblia?  
Lahat ng salita sa Biblia ay Salita ng Diyos. Isinulat ng mga lalaking pinili ng Diyos ang mga salitang sinabi ng Diyos sa kanila.
3. Ano ang sinasabi ng Biblia tungkol sa kasalanan?  
Sinasabi ng Biblia na lahat ng tao ay makasalanan. Nagkakasala tayo kung hindi natin ginagawa ang mga sinasabi ng Diyos na dapat nating gawin. Binigyan tayo ng Diyos ng sampung tuntunin upang ipaalam sa atin kung ano ang nais niyang gawin natin at kung ano ang hindi niya nais na gawin natin. Ang mga tuntunin na ito ay tinatawag na ang Sampung Utos. Lahat tayo ay nagkakasala laban sa Diyos, at ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan.
4. Ano ang mabuting balita na sinasabi sa atin ng Biblia?  
Sinasabi sa atin ng Biblia na mahal na mahal tayo ng Diyos kaya ipinadala niya si Jesus upang siya ang magbayad sa ating mga kasalanan. Tinupad ni Jesus ang mga utos ng Diyos para sa atin. Binayaran ni Jesus ang ating mga kasalanan nang ibigay niya ang kanyang buhay sa krus. Ang mga nagtitiwala kay Jesus ay pupunta sa langit.

**Ano ang sinasabi ng Diyos tungkol sa mga kautusan?**

Sinasabi ng Diyos na lahat tayo ay nagkasala. Walang tumutupad at nakatutupad sa lahat ng mga utos. Ipinangangako ng Diyos na pagpapalain niya ang lahat ng taong umiibig sa kanya at tumutupad sa lahat ng kanyang utos.

**Ibig sabihin**

Nais ng Diyos na malaman nating kinamumuhian niya ang kasalanan. Ipinakikita ng Sampung Utos ang ating kasalanan. Lahat ng tao ay nagkasala. Kailangan nating lahat si Jesus upang iligtas tayo sa kasalanan. Ang lahat ng tao na hindi nagtitiwala kay Jesus ay pupunta sa impiyerno. Pinatatawad at pinagpapala ng Diyos ang lahat ng tao na nagtitiwala kay Jesus. Ginagawa niya ito dahil binayaran ni Jesus ang ating mga kasalanan. Ipinangangako ng Diyos na tutulongan niya tayo upang siya ay ating mahalín at sundin. Sinasabi sa atin ng Sampung Utos kung ano ang nais ng Diyos na gawin natin at ang hindi niya nais na gawin natin.

**Salita ng Diyos**

Roma 3:23. Sapagkat ang lahat ay nagkasala, at walang sinumang nakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos.

Roma 6:23. Sapagkat kamatayan ang kabayaran ng kasalanan, ngunit ang walang bayad na kaloob ng Diyos ay buhay na walang hanggan sa pamamagitan ni Cristo Jesus na ating Panginoon.

Juan 3:16. Sapagkat gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sangkatauhan, kaya't ibinigay niya ang kanyang kaisa-isang Anak, upang ang sinumang sumampalataya sa kanya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.



## **Mahalin ang Diyos nang higit sa lahat.**

### **Ibig Sabihin**

Huwag sumamba sa mga diyus-diyosan.

Nais ng Diyos na mahalin natin siya nang higit kaninuman o sa anumang bagay.

### **Salita ng Diyos**

1 Juan 4:19. Tayo'y umiibig sapagkat ang Diyos ang unang umibig sa atin.

1 Juan 5:3. Sapagkat ang tunay na pag-ibig sa Diyos ay ang pagtupad sa kanyang mga utos.

### **Salaysay ng Diyos**

Daniel 6:1-23. Minamahal ni Daniel ang Diyos nang higit sa lahat.

## Huwag gamitin ang pangalan ng Diyos sa masamang paraan.

### Ibig sabihin

Huwag gamitin ang pangalan ng Diyos upang sumpain ang iba, mangako, o magsinungaling.

Nais ng Diyos na gamitin natin ang kanyang pangalan upang:

- Tumawag sa kanya sa panalangin
- Papurihan siya
- Pasalamatan siya
- Sabihin sa ibang tao ang tungkol sa kanya

### Salita ng Diyos

Awit 50:15. Kung kayo ay may bagabag, ako (ang Diyos) lagi ang tawagin.

Awit 118:1. Purihin si Yahweh sa kanyang kabutihan!

### Salaysay ng Diyos

Lucas 17:11-19. Isang lalaki lamang ang bumalik upang magpasalamat kay Jesus.

## Sambahin ang Diyos.

### Ibig sabihin

Pakinggan at pag-aralan ang Salita ng Diyos.

Nais ng Diyos na tayo ay:

- Magalak na pakinggan at pag-aralan ang kanyang Salita.
- Magtiwala sa kanyang Salita.
- Mamuhay nang ayon sa sinasabi niya sa kanyang Salita.

### Salita ng Diyos

Lucas 11:28. Higit na pinagpala ang mga nakikinig sa salita ng Diyos at tumutupad nito!

Awit 122:1. Ako ay nagalak nang sabihin nila: “Pumunta na tayo sa bahay ni Yahweh.”

### Salaysay ng Diyos

Lucas 10:38-42. Nakikinig sa Maria sa Salita ng Diyos.

## **Mahalin at sundin ang iyong mga magulang.**

### **Ibig sabihin**

Dapat nating sundin ang ating mga magulang.

Dapat nating sundin ang ibang mga tao na nangangalaga sa atin.

Nais ng Diyos na:

- Mahalin natin at tulungan ang ating mga magulang
- Mahalin natin at tulungan ang ibang tao na nangangalaga sa atin

### **Salita ng Diyos**

Efeso 6:1. Mga anak, sundin ninyo ang inyong mga magulang, [alang-alang sa Panginoon,] sapagkat ito ang nararapat.

### **Salaysay ng Diyos**

Lucas 2:41-52. Sinusunod ni Jesus sina Maria at Jose.

## Huwag kang papatay.

### Ibig sabihin

Huwag nating wakasan ang buhay ng sinuman.

Huwag nating sasaktan ang sinuman.

Huwag nating kapopootan ang sinuman.

Nais ng Diyos na:

- Maging mabuti tayo sa isa't isa
- Alagaan natin ang ating mga katawan

### Salita ng Diyos

Efeso 4:32. Maging mabait kayo at maawain; magpatawad kayo sa isa't isa tulad ng pagpapatawad sa inyo ng Diyos dahil kay Cristo.

### Salaysay ng Diyos

Lucas 10:25-37. Tinulungan ng mabuting Samaritano ang isang lalaking sugatan.

## Huwag kang mangangalunya.

### Ibig sabihin

Hindi dapat magtalik ang isang lalaki at babae hangga't hindi sila kasal.

Hindi natin dapat pag-isipan o pag-usapan ang tungkol sa katawan ng sinuman sa kahiya-hiyang paraan.

Nais ng Diyos na gamitin natin ang ating mga katawan sa paraang nakalulugod sa kanya.

Nais ng Diyos na ang mag-asawa ay:

- Mahalin ang isa't isa
- Manatiling nakabuklod (nagsasama) bilang mag-asawa

### Salita ng Diyos

Roma 13:13. Mamuhay tayo nang marangal.

Genesis 39:9. Hindi ko po magagawa ang ganyan kalaking kataksilan at pagkakasala sa Diyos.

### Salaysay ng Diyos

Genesis 39. Sinunod ni Jose ang Diyos at umiwas siya sa kasalanan.

## Huwag kang magnanakaw.

### Ibig sabihin

Huwag mong kukuhanin ang anumang bagay na pag-aari ng iba.

Nais ng Diyos na:

- Malaman nating ang lahat ng mayroon tayo ay mula sa kanya.
- Gamitin natin ang anumang mayroon tayo upang ipakita ang pagmamahal natin sa kanya.
- Tulungan natin ang ibang tao na mapangalagaan ang anumang pag-aari nila.

### Salita ng Diyos

Efeso 4:28. Ang magnanakaw ay huwag nang magnakaw.

2 Corinto 9:7. Iniibig ng Diyos ang nagbibigay nang may kagalakan.

### Salaysay ng Diyos

Lucas 19:1-10. Nalaman ni Zaqueo ang tungkol sa pag-ibig ni Jesus at si Zaqueo ay tumigil na sa pagnanakaw.

# Huwag kang magsisinungaling o magsasabi nang hindi totoo laban sa iyong kapwa.

## Ibig Sabihin

Huwag kang magsasalita ng masasamang bagay na makasasakit sa ibang tao.

Huwag kang magsasalita ng kasinungalingan laban sa sinuman.

Nais ng Diyos na:

- Magsalita tayo ng mabubuting bagay tungkol sa ibang tao
- Sabihin natin ang katotohanan

## Salita ng Diyos

Colosas 3:9. Huwag kayong magsisinungaling sa isa't isa.

Efeso 4:25. Tayong lahat ay magsabi ng totoo sa isa't isa.

## Salaysay ng Diyos

Marcos 14:53-65 at Lucas 23:33,34

Ang mga kaaway ni Jesus ay nagsalita ng kasinungalingan laban sa kanya. Hiniling ni Jesus sa Diyos na patawarin ang kanyang mga kaaway.



## Huwag mong pagnanasaang maangkin ang pag-aari ng iba.

### Ibig Sabihin

Huwag mong pagnanasaang mapasaiyo ang hindi mo pag-aari.

Nais ng Diyos na:

- Tulungan natin ang iba na mapangalagaan ang pag-aari nila.
- Maging masaya tayo sa kung ano ang mayroon tayo.
- Pasalamatan natin ang Diyos sa kung ano ang mayroon tayo.

### Salita ng Diyos

Hebreo 13:5. Masiyahan na kayo sa anumang nasa inyo.

Galacia 5:13. Maglingkod kayo sa isa't isa sa diwa ng pag-ibig.

### Salaysay ng Diyos

1 Hari 21:1-16. Pinagnasaan ni Haring Ahab na maangkin ang bukirin ni Nabot.

# 12 ANG KREDO NG MGA APOSTOL

## Sumasampalataya ako sa Diyos Ama, Anak, at Espiritu Santo.

1. Bakit natin binibigkas ang Kredo ng mga Apostol?  
Binibigkas natin ang Kredo ng mga Apostol upang:
  - Maibahagi natin sa iba kung ano ang pinaniniwalaan natin tungkol kay Jesus
  - Tulungan tayong matandaan kung ano ang pinaniniwalaan natin tungkol sa Diyos
2. Ano'ng mabuting balita ang nasa Kredo ng mga Apostol?  
Nilikha tayo ng Diyos at pinangangalagaan niya tayo. Isinugo ng Diyos ang kanyang anak na si Jesus upang iligtas tayo mula sa kasalanan at sa diyablo. Binibigyan tayo ng Diyos ng pananampalataya sa ating mga puso upang magtiwala tayo na ginawa niya ang lahat ng ito para sa atin.
3. Ano ang sinasabi ng Biblia tungkol sa Diyos?  
Sinasabi sa atin ng Biblia na mayroon lamang iisang tunay na Diyos.  
Sinasabi sa atin ng Biblia na ang Diyos ay mayroong tatlong persona:
  - Diyos Ama
  - Diyos Anak (Jesus)
  - Diyos Espiritu Santo
4. Paano'ng ang iisang Diyos ay mayroong tatlong persona?  
Hindi natin ito lubos na mauunawaan dahil sa limitasyon ng ating payak na mga kaisipan. Tinatanggap natin ang katotohanang ito ayon sa sinasabi ng Biblia.  
Lubos natin itong mauunawaan kung tayo ay nasa piling na ng Diyos sa kanyang kaharian sa langit.

## **Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na lumikha ng langit at lupa.**

### **Ibig Sabihin**

Nilikha tayo ng Diyos pati na ang mundo at ang lahat ng naririto.

Pumasok ang kasalanan sa sanlibutan, ngunit gumawa ang Diyos ng isang plano upang iligtas tayo.

Pinangangalagaan tayo ng Diyos sa pamamagitan ng pagbibigay niya sa atin ng lahat ng mayroon tayo at lahat ng kailangan natin.

Nais ng Diyos na pasalamatan natin siya sa pamamagitan ng paraan ng pamumuhay natin.

### **Salita ng Diyos**

Malakias 2:10. Hindi ba iisa ang ating Ama? Hindi ba't iisang Diyos ang lumalang sa atin?

**Sumasampalataya ako sa Diyos  
Amang makapangyarihan sa  
lahat, na lumikha ng langit at  
lupa.**

### **Ibig Sabihin**

Nilikha tayo ng Diyos pati na ang mundo at ang lahat ng naririto.

### **Salita ng Diyos**

Awit 119:73. Nilikha mo ako, O Yahweh.

Exodo 20:11. Sa anim na araw ay ginawa ng Panginoon ang langit at lupa, ang dagat, at lahat ng nangaroon.

### **Salaysay ng Diyos**

Genesis 1 at 2. Nilikha ng Diyos ang lahat ng bagay.

## **Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na lumikha ng langit at lupa.**

### **Ibig Sabihin**

Pumasok ang kasalanan sa mundo, ngunit gumawa ang Diyos ng isang plano upang iligtas tayo.

### **Salita ng Diyos**

Roma 5:12. Ang kasalanan ay pumasok sa sanlibutan sa pamamagitan ng isang tao, at ang kamatayan ay pumasok sa pamamagitan ng kasalanan.

Juan 3:16. Sapagkat gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sangkatauhan, kaya't ibinigay niya ang kanyang kaisa-isang Anak, upang ang sinumang sumampalataya sa kanya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.

### **Salaysay ng Diyos**

Genesis 3. Gumawa ang Diyos ng isang plano upang iligtas tayo.

# Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na lumikha ng langit at lupa.

## Ibig Sabihin

Pinangangalagaan tayo ng Diyos sa pamamagitan ng pagbibigay niya sa atin ng lahat ng mayroon tayo at lahat ng kailangan natin.

## Salita ng Diyos

Isaias 41:13. Ako si Yahweh na inyong Diyos. Tutulungan ko kayo.

Gawa 14:17. Binubusog niya kayo ng pagkain at pinupuno ng kagalakan ang inyong mga puso.

## Salaysay ng Diyos

Genesis 3:15 – 4:2. Pinangangalagaan ng Diyos sina Adan at Eva pagkatapos nilang magkasala.

**Sumasampalataya ako sa Diyos  
Amang makapangyarihan sa  
lahat, na lumikha ng langit at  
lupa.**

**Ibig Sabihin**

Nais ng Diyos na pasalamat natin siya sa pamamagitan ng paraan ng pamumuhay natin.

**Salita ng Diyos**

Awit 106:1. O magpasalamat kayo sa Panginoon, sapagkat siya'y mabuti.

1 Corinto 10:31. Kaya kung kayo man ay kumakain, umiinom, o anuman ang inyong ginagawa, gawin ninyo ang lahat sa ikaluluwalhati ng Diyos.

**Salaysay ng Diyos**

Genesis 7 at 8. Nagpasalamat si Noe sa Diyos.

## 18      ANG IKALAWANG PANGKAT

# Sumasampalataya ako kay Jesu-Cristo, kanyang bugtong na Anak, aming Panginoon.

### Ibig Sabihin

Si Jesus ay Anak ng Diyos.

Si Jesus ay tunay na Diyos.

Si Jesus ay isinilang ni Maria, at nabuhay sa lupa.

Si Jesus ay tunay na tao.

Si Jesus ay nagdusa at namatay bilang kabayaran sa ating mga kasalanan.

Si Jesus ay muling nabuhay at bumalik sa langit.

Si Jesus ang Hari ng langit at lupa.

Iniiingatan tayo ni Jesus at siya ay nananalangin sa langit para sa atin.

Sa Huling Araw, muling magbabalik si Jesus kung paanong siya ay umakyat sa langit.

Isasama ni Jesus sa langit ang mga taong nagtitiwala sa kanya. Ang mga taong hindi nagtitiwala sa kanya ay pupunta sa impiyerno.



# Sumasampalataya ako kay Jesu-Cristo, kanyang bugtong na Anak, aming Panginoon.

## Ibig Sabihin

Si Jesus ay Anak ng Diyos.

Si Jesus ay tunay na Diyos.

Si Jesus ay isinilang ni Maria, at nabuhay sa lupa.

Si Jesus ay tunay na tao.

## Salita ng Diyos

Lucas 2:11. Ipinanganak sa inyo ngayon sa lunsod ni David ang isang Tagapagligtas, na siya ang Cristo, ang Panginoon.

Juan 3:16. Sapagkat gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sangkatauhan, kaya't ibinigay niya ang kanyang kaisa-isang Anak.

## Salaysay ng Diyos

Mateo 1:18-25 at Lucas 2:1-10. Isinilang si Jesus.

## 20 ANG IKALAWANG PANGKAT

# Sumasampalataya ako kay Jesu-Cristo, kanyang bugtong na Anak, aming Panginoon.

### Ibig Sabihin

Si Jesus ay nagdusa at namatay bilang kabayaran sa ating mga kasalanan.

### Salita ng Diyos

1 Juan 1:7. Ang dugo ni Jesus na kanyang Anak ang lumilinis sa atin sa lahat ng kasalanan.

1 Timoteo 1:15. Si Cristo Jesus ay pumarito sa sanlibutan upang iligtas ang mga makasalanan.

### Salaysay ng Diyos

Mateo 27:31-66; Marcos 15:20-47; Lucas 23:26-56; Juan 19:17-42

Si Jesus ay nagdusa at namatay bilang kabayaran sa ating mga kasalanan.

# Sumasampalataya ako kay Jesu-Cristo, kanyang bugtong na Anak, aming Panginoon.

## Ibig Sabihin

Si Jesus ay muling nabuhay at bumalik sa langit.

## Salita ng Diyos

Juan 14:2, 3. Pupunta ako roon (sa langit) upang ipaghanda ko kayo ng inyong matitirhan.

Juan 14:19. Sapagkat buháy ako, mabubuhay rin kayo.

## Salaysay ng Diyos

Mateo 28:1-10; Lucas 24:1-8, 50-53; Gawa 1:19-21  
Muling nabuhay si Jesus at bumalik sa langit.

## 22 ANG IKALAWANG PANGKAT

# Sumasampalataya ako kay Jesu-Cristo, kanyang bugtong na Anak, aming Panginoon.

### Ibig Sabihin

Si Jesus ang Hari ng langit at lupa.

Iniingatan tayo ni Jesus at siya ay nananalangin sa langit para sa atin.

Sa Huling Araw, muling magbabalik si Jesus kung paanong siya ay umakyat sa langit.

Isasama ni Jesus sa langit ang mga taong nagtitiwala sa kanya. Ang mga taong hindi nagtitiwala sa kanya ay pupunta sa impiyerno.

### Salita ng Diyos

Juan 14:2, 3. Pupunta ako roon (sa langit) upang ipaghanda ko kayo ng inyong matitirhan. Ako'y babalik at isasama ko kayo upang kayo'y makapiling ko kung saan ako naroroon.

1 Juan 2:1. Kung magkasala ang sinuman, may Tagapagtanggol tayo sa Ama, si Jesu-Cristo, ang matuwid.

### Salaysay ng Diyos

Mateo 25:31-46. Muling babalik si Jesus upang hukuman ang sanlibutan.

**Sumasampalataya ako sa  
Espiritu Santo; sa banal na  
iglesiang Kristiyano, na  
kapulungan ng mga banal; sa  
kapatawaran ng kasalanan; sa  
pagbangon ng katawan; at sa  
buhay na walang hanggan.**

**Ibig Sabihin**

Binibigyan tayo ng Diyos Espiritu Santo ng pagtitiwala kay Jesus.

Iniiingatan ng tayo ng Espiritu Santo upang patuloy tayong magtiwala kay Jesus.

Sinasabi sa atin ng Espiritu Santo kung ano ang ginawa ng Diyos para sa atin.

Tinutulungan tayo ng Espiritu Santo upang ating mahalín at sundin ang Diyos.

Ginagamit ng Espiritu Santo ang Salita ng Diyos upang gawin ang kanyang gawain sa ating mga puso.

Ang mga taong nananampalataya kay Jesus ay tinatawag na ang banal na iglesiang Kristiyano, o ang kapulungan ng mga banal.

Itinuturo sa atin ng Espiritu Santo na:

- Pinatatawad tayo ng Diyos dahil si Jesus ay namatay upang bayaran ang ating mga kasalanan.
- Muling bubuhayin ng Diyos ang ating mga katawan kung tayo ay mamatay.
- Mabubuhay tayo nang walang hanggan sa langit.

## 24      ANG IKATLONG PANGKAT

# Sumasampalataya ako sa Espiritu Santo.

### Ibig Sabihin

Binibigyan tayo ng Diyos Espiritu Santo ng pagtitiwala kay Jesus.

Iniingatan tayo ng Espiritu Santo upang patuloy tayong magtiwala kay Jesus.

### Salita ng Diyos

1 Corinto 12:3. Hindi rin masasabi ninuman, “Si Jesus ay Panginoon,” kung siya’y hindi pinapatnubayan ng Espiritu Santo.

Roma 8:39. Walang makapaghihiwalay sa atin sa pag-ibig ng Diyos.

### Salaysay ng Diyos

Gawa 1:8-11 at Gawa 2. Ipinadala ni Jesus ang Espiritu Santo.

## Sumasampalataya ako sa Espiritu Santo.

### Ibig Sabihin

Sinasabi sa atin ng Espiritu Santo kung ano ang ginawa ng Diyos para sa atin.

Tinutulungan tayo ng Espiritu Santo upang ating mahalín at sundin ang Diyos.

### Salita ng Diyos

Juan 14:26. Ang Espiritu Santo ang siyang magtuturo sa inyo ng lahat ng bagay at magpapaalala ng lahat ng sinabi ko sa inyo.

Galacia 2:20. Nabubuhay ako sa pamamagitan ng pananampalataya sa Anak ng Diyos na nagmahal sa akin at naghandog ng kanyang sarili para sa akin.

### Salaysay ng Diyos

Gawa 8:26-39. Ipinadala ng Diyos si Felipe upang sabihin sa isang lalaki mula sa Etiopia kung ano ang ginawa ng Diyos para sa kanya.

## 26      ANG IKATLONG PANGKAT

# Sumasampalataya ako sa banal na iglesiang Kristiyano, na kapulungan ng mga banal.

### Ibig Sabihin

Ginagamit ng Espiritu Santo ang Salita ng Diyos upang gawin ang kanyang gawain sa ating mga puso.

Ang mga taong nagtitiwala kay Jesus ay tinatawag na ang banal na iglesiang Kristiyano, o ang kapulungan ng mga banal.

### Salita ng Diyos

Roma 10:17. Kaya't ang pananampalataya ay bunga ng pakikinig ng salita ni Cristo.

Efeso 5:23. Si Cristo ang siyang ulo ng iglesya, na kanyang katawan, at siya ang Tagapagligtas nito.

Efeso 5:25. Inibig ni Cristo ang iglesya at inialay ang kanyang sarili para dito.

### Salaysay ng Diyos

Gawa 2. Lumago ang banal na iglesiang Kristiyano habang ang mga tao ay nakikinig ng Salita ng Diyos at nagtitiwala kay Jesus.



# Sumasampalataya ako sa kapatawaran ng kasalanan; sa pagbangon ng katawan; at sa buhay na walang hanggan.

## Ibig Sabihin

Itinuturo sa atin ng Espiritu Santo na:

- Pinatatawad tayo ng Diyos dahil si Jesus ay namatay upang bayaran ang ating mga kasalanan.
- Muling bubuhayin ng Diyos ang ating mga katawan kung tayo ay mamatay.
- Mabubuhay tayo nang walang hanggan sa langit.

## Salita ng Diyos

Juan 14:26. Ang Espiritu Santo ang siyang magtuturo sa inyo ng lahat ng bagay at magpapaalala ng lahat ng sinabi ko sa inyo.

Efeso 1:7. Sa kanya'y (Jesus) mayroon tayong kapatawaran ng ating mga kasalanan.

1 Tesalonica 4:16, 17. Ang mga namatay na sumasampalataya kay Cristo ay bubuhayin muna. Makakapiling natin siya magpakailanman.

## Salaysay ng Diyos

Juan 14:15-31. Sinabi ni Jesus sa kanyang mga kaibigan na darating ang Espiritu Santo upang turuan sila.

## **Nananalangin tayo sa ating Ama sa langit gaya ng itinuro ni Jesus sa atin.**

### 1. Ano ang panalangin?

Ang panalangin ay pakikipag-usap sa Diyos sa ating isip o sa pamamagitan ng ating mga salita.

### 2. Sino ang maaaring manalangin sa Diyos?

Pinakikinggan ng Diyos ang lahat ng nagtitiwala kay Jesus.

### 3. Saan tayo maaaring manalangin?

Maaari tayong manalangin sa ating mga tahanan, sa dakong-sambahan, at kahit saan.

### 4. Kailan nais ng Diyos na tayo ay manalangin?

Nais ng Diyos na manalangin tayo kahit anong oras.  
Nais ng Diyos na manalangin tayo palagi.

### 5. Ano'ng mga salita ang dapat nating gamitin kung tayo ay nananalangin?

Maaari tayong manalangin gamit ang sarili nating mga salita.

Maaari tayong manalangin gamit ang mga panalanging ating natutunan.

# ANG PANIMULA NG PANALANGING ITINURO NG PANGINOON

29

## **Ama naming nasa langit.**

### **Ibig Sabihin**

Ang Diyos ang ating minamahal na Ama, at tayo ay kanyang minamahal na mga anak.

Binayaran ni Jesus ang ating mga kasalanan, kaya't lagi tayong pakikilingan ng Diyos.

Nais nating laging makipag-usap sa Diyos na ating Ama.

### **Salita ng Diyos**

Galacia 3:26. Kayong lahat ay mga anak ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo Jesus.

Awit 91:15. Sinabi ng Panginoon, “Kapag sila'y tumawag, laging handa ako na sila'y pakinggan.”

1 Tesalonica 5:17. Palagi kayong manalangin.

### **Salaysay ng Diyos**

Mateo 6:5-15 at Lucas 11:1-4. Tinuruan tayo ni Jesus kung paano manalangin.

# 30      ANG UNANG KAHILINGAN SA PANALANGING ITINURO NG PANGINOON

## **Sambahin nawa ang iyong pangalan.**

### **Ibig Sabihin**

Ang pangalan ng Diyos ay banal.

Hinihiling natin na tulungan tayo ng Diyos na panatilihing banal ang kanyang pangalan.

Pinananatili nating banal ang pangalan ng Diyos kung:

- Pinag-aaralan nating matutunan kung ano ang itinuturo ng Biblia
- Ginagawa natin ang itinuturo ng Biblia
- Ibinabahagi natin sa iba kung ano ang itinuturo ng Biblia

### **Salita ng Diyos**

Awit 103:1. Si Yahweh ay papurihan. Purihin mo sa tuwina ang banal na ngalan niya.

Lucas 11:28. Higit na pinagpala ang mga nakikinig sa salita ng Diyos at tumutupad nito.

### **Salaysay ng Diyos**

1 at 2 Timoteo. Sinabi ni Pablo kay Timoteo na alalahanin ang Salita ng Diyos at sundin ang sinasabi nito.

## KAHILINGAN SA PANALANGING ITINURO NG PANGINOON

### **Dumating nawa ang iyong kaharian.**

#### **Ibig Sabihin**

Ang kaharian ng Diyos ay ang lahat ng tao na nagtitiwala na si Jesus ay namatay upang iligtas sila.

Kahit hindi tayo manalangin, idinaragdag ng Diyos sa kanyang kaharian ang mga taong nagtitiwala kay Jesus.

Nais ng Diyos na manalangin tayo na lagi tayong magtiwala kay Jesus at maraming tao ang magtiwala kay Jesus.

Paano dumarating ang kaharian ng Diyos?

Ginagamit ng Diyos ang kanyang Salita, ang Biblia, upang ibigay sa atin ang kanyang Espiritu Santo.

Ang Espiritu Santo ang nagbibigay ng pananampalataya sa ating mga puso upang ating pagtiwalaan ang Salita ng Diyos at sundin ang sinasabi ng Salita ng Diyos.

#### **Salita ng Diyos**

Lucas 17:21. Sapagkat ang kaharian ng Diyos ay nasa inyo.

Lucas 11:28. Higit na pinagpala ang mga nakikinig sa salita ng Diyos at tumutupad nito.

#### **Salaysay ng Diyos**

Juan 1:29-50. Narinig nina Andres at Felipe ang tungkol kay Jesus at sinabi nila ito sa iba.

# 32 ANG IKATLONG KAHILINGAN SA PANALANGING ITINURO NG PANGINOON

## Sundin nawa ang iyong kalooban dito sa lupa tulad ng sa langit.

### Ibig Sabihin

Ang kalooban ng Diyos ay kung ano ang kanyang nais.

Nalalaman natin kung ano ang nais ng Diyos mula sa kanyang Salita, ang Biblia.

Laging ginagawa ng mga anghel sa langit ang kalooban ng Diyos.

Nais ng Diyos sa mga tao na:

- Matutunan nila ang tungkol kay Jesus at maligtas
- Sundin nila ang kanyang Salita
- Ibahagi nila sa iba ang mabuting balita tungkol kay Jesus na ating Tagapagligtas

### Salita ng Diyos

Juan 6:40. Sapagkat ito ang kalooban ng aking Ama: ang lahat ng nakakakita sa Anak at sumasampalataya sa kanya ay magkaroon ng buhay na walang hanggan.

Awit 143:10. Ikaw ang aking Diyos, ako ay turuan na aking masunod ang iyong kalooban.

### Salaysay ng Diyos

Jonas 1 hanggang 3. Natutunan ni Jonas na gawin kung ano ang sinasabi ng Diyos.

# ANG IKAAPAT NA 33 KAHILINGAN SA PANALANGING ITINURO NG PANGINOON

## **Bigyan mo kami ng pagkaing kailangan namin sa araw-araw.**

### **Ibig Sabihin**

Hinihiling natin na tulungan tayo ng Diyos na maalala na siya ang nagbibigay sa atin ng ating pagkain sa araw-araw.

Ang “pagkain sa araw-araw” ay ang lahat ng kailangan natin upang mapangalagaan natin ang ating mga katawan.

Binibigyan tayo ng Diyos ng pagkaing kailangan natin sa araw-araw kahit hindi natin ito hilingin, dahil minamahal niya tayo.

Nais ng Diyos na pasalamatan natin siya sa pagbibigay niya sa atin ng pagkain at ng iba pang mga bagay.

### **Salita ng Diyos**

Gawa 14:17. Binubusog niya kayo ng pagkain at pinupuno ng kagalakan ang inyong mga puso.

Awit 118:1. Purihin si Yahweh sa kanyang kabutihan.

### **Salaysay ng Diyos**

Mateo 6:25-34 at Lucas 12:22-34. Ibinibigay ng Diyos ang lahat ng ating kailangan.

**Patawarin mo kami sa aming mga kasalanan, tulad ng pagpapatawad namin sa mga nagkakasala sa amin.**

**Ibig Sabihin**

Nagkakasala tayo kung hindi natin ginagawa ang sinasabi ng Diyos.

Namatay si Jesus upang bayaran ang ating mga kasalanan, kaya makalalapit tayo sa Diyos upang hilinging patawarin niya tayo.

Hinihiling natin sa Diyos na tulungan tayong patawarin natin ang ibang tao kung gumagawa sila ng masama laban sa atin.

**Salita ng Diyos**

Efeso 1:7. Sa kanya'y (Jesus) mayroon tayong kapatawaran ng ating mga kasalanan.

Efeso 4:32. Maging mabait kayo at maawain; magpatawad kayo sa isa't isa tulad ng pagpapatawad sa inyo ng Diyos dahil kay Cristo.

Awit 51:2. Linisin mo sana ang aking karumhan, at patawarin mo'ng aking kasalanan.

**Salaysay ng Diyos**

Genesis 37 at Genesis 45:1-14. Pinatawad ni Jose ang kanyang mga kapatid.



# ANG IKAANIM NA 35 KAHILINGAN SA PANALANGING ITINURO NG PANGINOON

## Huwag mo kaming ihatid sa tukso.

### Ibig sabihin

Ang tukso ay nangangahulugan na may umaakit sa atin upang gumawa ng kasalanan.

Hindi tayo inaakit ng Diyos upang gumawa ng kasalanan.

Sino ang umaakit sa atin upang tayo ay gumawa ng kasalanan?

- Ang diyablo
- Ibang tao
- Ang atin mismong sarili

Hinihiling natin sa Diyos na tulungan niya tayong tumanggi sa kasalanan at gawin kung ano ang mabuti.

### Salita ng Diyos

Roma 8:31. Kung ang Diyos ay panig sa atin, sino ang makakalaban sa atin?

Mateo 26:41. Magbantay kayo at manalangin upang huwag kayong madaig ng tukso.

### Salaysay ng Diyos

Mateo 4:1-11 at Lucas 4:1-12. Tinukso ng diyablo si Jesus.

## Kundi ilayo mo kami sa masama.

### Ibig Sabihin

Hinihiling natin sa Diyos na iligtas niya tayo mula sa diyablo at sa lahat ng masasamang bagay na nangyayari sa atin.

Alam ng Diyos kung ano ang pinakamabuti para sa atin.

Ginagamit ng Diyos ang lahat ng bagay, maging ang masasamang bagay, para sa ikabubuti ng mga taong nagtitiwala kay Jesus.

Hinihiling natin sa Diyos na ligtas niya tayong dalhin upang mabuhay sa piling niya sa langit.

### Salita ng Diyos

2 Timoteo 4:18. Ang Panginoon ang magliligtas sa akin sa lahat ng kasamaan at siya rin ang maghahatid sa akin nang ligtas sa kanyang kaharian sa langit.

Roma 8:28. Alam nating sa lahat ng bagay ay gumagawa ang Diyos para sa mabuti kasama ang mga nagmamahal sa kanya.

### Salaysay ng Diyos

Gawa 16:16-40. Iningatan ng Diyos sina Pablo at Silas sa bilangguan.

ANG PAGPUPURI  
SA PANALANGING ITINURO  
NG PANGINOON

37

**Sapagkat sa iyo ang kaharian,  
at ang kapangyarihan, at ang  
kaluwalhatian magpakailanman.  
Amen.**

**Ibig Sabihin**

Pinupuri natin ang Diyos dahil:

- Ipinangako niyang pakikinggan ang ating mga panalangin
- Ginagamit niya ang kanyang dakilang kapangyarihan upang sagutin ang ating mga panalangin
- Lagi niyang ibinibigay kung ano ang mabuti para sa atin

Ang ibig sabihin ng “Amen” ay, Oo, Pakikinggan ng Diyos at sasagutin ang ating mga panalangin.

**Salita ng Diyos**

Awit 17:6. Tumatawag ako sa iyo, O Diyos, sapagkat ako'y iyong sinasagot.

Awit 150:2. Purihin siya dahil sa kanyang mga makapangyarihang gawa.

# 38 ANG MGA SAKRAMENTO

1. Ano ang mga sakramentong ibinigay ni Jesus sa atin sa Biblia?

Binigyan tayo ni Jesus ng mga sakramentong ito:

- Bautismo (Binyag)
- Ang Hapunan ng Panginoon

2. Ano ang isang sakramento?

Ang isang sakramento ay isang natatanging gawain na nais ni Jesus na gawin nating mga Kristiyano.

Sinabi sa atin ni Jesus na gamitin ang Salita ng Diyos kasama ng:

- Tubig sa Bautismo
- Tinapay at alak sa Hapunan ng Panginoon

3. Bakit ibinigay ng Diyos sa atin ang mga sakramento?

Ibinigay sa atin ng Diyos ang mga sakramento upang:

- Patawarin tayo sa ating mga kasalanan
- Palakasin ang ating pagtitiwala kay Jesus
- Dalhin tayo sa langit

4. Ano ang ginagamit ng Diyos upang bigyan ng gayong kapangyarihan ang mga sakramento?

Ginagamit ng Diyos ang kanyang Salita na nasa mga sakramento upang bigyan ang mga ito ng gayong kapangyarihan.

**Sinabi ng Diyos na bautismuhan natin ang mga tao sa pamamagitan ng paggamit ng tubig sa kaninuman at sa pagsasabing,  
"Binabautismuhan kita sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo."**

## **Ibig Sabihin**

Ang Diyos, sa pamamagitan ng Bautismo, ay:

- Nililinis tayo sa lahat ng ating mga kasalanan
- Ginagawa tayong kanyang minamahal na mga anak
- Inililigtas tayo mula sa pamumuhay na kasama ng diyablo magpakailanman
- Binibigyan tayo ng bagong buhay sa kanya dito sa lupa at buhay na walang hanggan sa piling niya sa langit

## **Salita ng Diyos**

Gawa 22:16. Magpabautismo at tumawag ka sa kanyang pangalan upang mapatawad ka sa iyong mga kasalanan.

1 Pedro 3:21. At ang bautismo ang nagliligtas sa inyo.

## **Salaysay ng Diyos**

Mateo 3:13-17; Marcos 1:9-11; Lucas 3:21, 22  
Binautismuhan si Jesus

**Sinabi ni Jesus, “Kunin ninyo at kanin. Ito ang aking katawan. Uminom kayong lahat nito. Ito ang aking dugo.”**

**Ibig Sabihin**

Ibinibigay sa atin ni Jesus ang kanyang katawan kalakip (kasama) ng tinapay na ating kinakain.

Ibinibigay sa atin ni Jesus ang kanyang dugo kalakip (kasama) ng alak na ating iniinom.

Sa Hapunan ng Panginoon, ibinibigay niya ang kapatawaran sa ating mga kasalanan.

Ginagamit ng Diyos ang kanyang kapangyarihang nasa Salita upang gawin ito.

Sinasabi ng Salita ng Diyos na pinatatawad ng Diyos ang mga taong nagtitiwala kay Jesus bilang kanilang Tagapagligtas.

**Salita ng Diyos**

Mateo 26:26, 27. Dumampot si Jesus ng tinapay at sinabi, “Kunin ninyo ito at kainin. Ito ang aking katawan.” Pagkatapos, dumampot siya ng kopa. Sinabi niya, “Ito ang aking dugong ibinubuhos para sa kapatawaran ng kasalanan ng marami.”

**Salaysay ng Diyos**

Mateo 26:17-29 at Marcos 14:22-26

Ibinigay ni Jesus sa kanyang mga kaibigan ang Hapunan ng Panginoon.

# PANGUNGUMPISAL O 41 PAGPAPAHAYG NG KASALANAN

## **Nais ng Diyos na ipahayag natin sa kanya ang ating mga kasalanan.**

### **Ibig Sabihin**

Nais ng Diyos na sabihin natin sa kanya ang ating mga kasalanan.

Nagtitiwala tayong patatawarin ng Diyos ang lahat ng ating mga kasalanan.

Nais din ng Diyos na sabihin natin sa isa't isa ang ating mga kasalanan.

Kung hindi ka naging mabuti sa isang tao, sabihin mo sa taong ito:

- Hindi ako naging mabuti sa iyo
- Nagkasala ako sa Diyos
- Patawarin mo ako

Nais ng Diyos na huwag na tayong muling gumawa ng kasalanan.

### **Salita ng Diyos**

1 Juan 1:9. Subalit kung ipinapahayag natin ang ating mga kasalanan, patatawarin tayo ng Diyos sa mga ito.

Santiago 5:16. Ipagtapat ninyo sa inyong mga kapatid ang inyong mga kasalanan.

### **Salaysay ng Diyos**

Lucas 15:11-32. Inamin ng isang anak sa kanyang ama na siya ay nagkasala, at pinatawad siya ng kanyang ama.

Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat na lumikha ng langit at lupa.

At kay Jesu-Cristo, Kanyang Bugtong na Anak, na ating Panginoon, na ipinaglihi sa pamamagitan ng Espiritu Santo, ipinanganak ng Birheng Maria, nagdusa sa ilalim ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, at inilibing; Siya'y bumaba sa impiyerno; sa ikatlong araw, Siya'y nagbangon sa mga patay; umakyat sa langit at nakaluklok sa kanan ng Diyos Amang Makapangyarihan sa lahat; buhat doo'y paririto upang hukuman ang mga buhay at mga patay.

Sumasampalataya ako sa Espiritu Santo; sa banal na Iglesiang Kristiyano, na kapulungan ng mga banal; sa kapatawaran ng mga kasalanan; sa pagbangon ng katawan; at sa buhay na walang hanggan. Amen.



**ANG PANALANGING  
ITINURO NG PANGINOON  
(AMA NAMIN)**

**43**

**Ama naming nasa langit. Sambahin nawa ang iyong pangalan. Dumating nawa ang iyong kaharian. Sundin nawa ang iyong kalooban dito sa lupa tulad ng sa langit. Bigyan mo kami ng pagkaing kailangan namin sa araw-araw. At patawarin mo kami sa aming mga kasalanan, tulad ng pagpapatawad namin sa mga nagkakasala sa amin. Huwag mo kaming ihatid sa tukso. Kundi ilayo mo kami sa masama.**

**Sapagkat sa iyo ang kaharian, at ang kapangyarihan, at ang kaluwalhatian magpakailanman. Amen.**



**Para sa karagdagang impormasyon,  
makipag-ugnayan:**



**Multi-Language  
Productions**

Bringing the Word to the World

Bible Teachings (Simplified Catechism) – Tagalog

Copyright © 2020 WELS-BWM

MLP Catalog No. 385520